# KAPASIYAHAN BLG. 2023-85

**"MAGALANG NA HUMIHILING SA PANGULO NG PILIPINAS, KGG. FERDINAND R. MARCOS, JR., NA NAWA'Y MABIGYANG ALOKASYON ANG MUNGKAHING PROYEKTO IMPRASTRAKTURA (*FARM-TO-MARKET ROAD*) NG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN NA NAGKAKAHALAGA NG PITONG DAAN LABING SIYAM NA MILYON, LIMANG DAAN PITUMPU'T LIMANG LIBO, DALAWANG DAAN APATNAPU'T ISANG PISO AT SIYAM NA SENTIMO (₱719,575,241.09)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** ang kakalsadahin na mga farm-to-market roads ay mahalaga upang makapaghatid ng mga produktong agrikultura mula sa mga sakahan patungo sa kabayanan o pamilihan, gayundin ang pagdadala ng mga kagamitan at pangangailangang agrikultura ng mga magsasaka sa kanilang kabukiran;

**SAPAGKA'T,** ang paglalagay ng mga ilaw sa lansangan ay nilalagay natin dahil sa ilang mahahalagang kadahilanan:

**SAPAGKAT,** ang pagsasa-ayos ng *farm-to-market road* ay magsisilbing malaking pakinabang at kapaburan sa mga kababayan nating magsasaka, tungo sa mas mataas na kalidad ng pananakahan sa ating dakilang Bayan ng Bustos, Bulacan;

**SAPAGKA'T,** gayundin, kung mapapa-ayos ang nasabing kalsada ay mapapadali ang pamumuhay ng mga mamamayan at motoristang dito ay dumadaan;

**SAPAGKA'T,** magiging madali din ang paghahatid ng tulong at pagresponde kung sakaling dumating ang oras ng sakuna.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na hilingin sa Pangulo ng Pilipinas, Kgg. Ferdinand R. Marcos, Jr., na nawa'y mabigyang alokasyon ang mungkahing proyekto imprastraktura (*farm-to-market road*) ng Bayan ng Bustos, Bulacan na nagkakahalaga ng Pitong Daan Labing Siyam na Milyon, Limang Daan Pitumpu't Limang Libo, Dalawang Daan Apatnapu't Isang Piso at Siyam na Sentimo (₱719,575,241.09).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-5 ng Hunyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

## SERTIPIKASYON:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-5 ng Hunyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim